

Paunawa tungkol sa fixed asset tax at city planning tax

Ang fixed asset tax at city planning tax ay mga buwis na ipinapataw sa mga may-ari ng lupa, bahay, at depreciable asset simula Enero 1 ng bawat taon, at sinisingil sa bandang Abril bawat taon.

Kahit na hindi na ikaw ang may-ari dahil sa isang pagbili o pagbebenta sa panahon ng taon, ang buwis ay hindi babayaran sa buwanang batayan, kaya dapat bayaran ng may-ari simula Enero 1 ang buong halaga para sa taong iyon.

Pakitiyak na magbayad bago ang huling araw gamit ang slip ng pagbabayad na kalakip ng iyong tax notice.

Kung maantala ang pagbabayad, maaaring singilin ang late fee.